
# ARALING PANLIPUNAN 10

**MELC**: *Natatalakay ang mga uri ng kasarian (gender) at sex at gender roles sa iba't ibang bahagi ng daigdig.*

**Pangalan**: ________________________________________________ **Iskor**: ____________________

**Gawain 1: Buuin Mo Ako!**
**Panuto**: *Isulat sa loob ng puzzle ang kasagutan gamit ang mga gabay na tanong sa susunod na pahina.*




**PATAYO**

1. Mga tao na nagkakagusto o naaakit sa taong hindi kahalintulad ng kanyang kasarian.
4. Tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na makaranas ng malalim na atraksiyong apeksiyonal, emosyonal, seksuwal; at ng malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa. (Sexual_______________)
6. Mga tao na ipinanganak na may *reproductive* o *sexual anatomy* na hindi akma sa lalaki o babae. Ang halimbawa ay ipinanganak na babae ngunit mayroon syang male *reproductive organ*. Ang ibang tawag sa kanya ay *hermaphrodite.*
7. Kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa sex niya nang siya'y ipanganak, kabilang ang personal na pagtuturing niya sa sariling katawan. (Sexual _______________)
8. Mga tao na kinikilala ang kanyang kasarian na maaaring taliwas sa ari nung ipinanganak siya o yung inatas sa kanya ng lipunan. Ang ibang tawag sa kanya ay transwoman, transman, atbp.

**PAHIGA**

1. Mga tao na nagkakagusto o naaakit sa taong kahalintulad ng kanyang kasarian.
2. Mga taong walang nararamdamang atraksiyong seksuwal sa anumang kasarian.
3. Lalaki na nagkakagusto o naakit sa kapwa lalaki. Ang ibang tawag sa kanya ay bakla, beki, bayot, bading, paminta, sirena, atbp.
9. Tumutukoy sa mga panlipunang gampanin, kilos, at gawain na itinatakda ng lipunan para sa mga babae at lalaki.
10. Tumutukoy sa bayolohikal at pisyolohiko na katangian na nagtatakda ng pagkakaiba ng babae sa lalaki.

LIVEWORKSHEETS